PM2017-33

Filipino

Impormasyong Gabay sa Proseso sa Pagpasok sa Paaralan ng mga Anak ng mga Magulang na Multikultural

# Pagpapatala ng Iyong Anak sa Paaralan



교육부 Ministry of Education
국가평생교육진흥원 National Institute for Lifelong Education
중앙다문화교육센터 National Center for Multi-cultural Education

# Talaan ng mga nilalaman


## 04 Sistema ng edukasyon

04 1. Pangkalahatang-ideya
05 2. Sistemang–pamamalakad sa Paaralan: Kindergarten, Elementarya at Sekundaryo
08 3. Sistemang Suportang Pang-Edukasyon

## 09 Pamamaraan ng Pagpapatala at Pagpasok para sa mga Batang Isinilang sa Korea o Koreano ang nasyonalidad

09 1. Pangkalahatang-ideya
10 2. Pamamaraan ng Pagpasok sa Kindergarten
12 3. Pamamaraan ng Pagpasok sa Elementarya
13 4. Pamamaraan ng Pagpasok sa Gitnang Paaralan
14 5. Pamamaraan ng Pagpasok sa Mataas na Paaralan

## 15 Pamamaraan ng Pagpapatala at Pagpasok para sa mga Batang Isinilang sa Korea o Koreano ang nasyonalidad

15 1. Pangkalahatang-ideya
17 2. Samahan ng Pagsusuring Pang-akademya para sa mga Mag-aaral mula sa mga Pamilyang Multikultural

## 19 Mga Suriang Pang-edukasyon para sa mga Mag-aaral mula sa mga Pamilyang Multikultural

19 1. Multikultural na Kindergarten

19 2. Multikultural na Panimulang Paaralan

19 3. Mga Paaralang Nakasentro sa Edukasyong Multikultural

20 4. Mga Alternatibong Paaralan

## 21 Mga Dahong Dagdag

22 1. Mga Punong-Lungsod at Panlalawigang Tanggapan ng Edukasyon at Sentrong Sumusuporta sa Edukasyong Multikultural

24 2. Sangguniang Videos ng "Impormasyon tungkol sa Sistemang Pang-edukasyon ng Korea at Pagpapatala"

25 3. Mga Terminolohiyang may Kaugnayan sa Buhay-Paaralan

31 4. Mga Kasaping Bansa ng Apostille

# Sistemang Pang-Edukasyon

## 01. Pangkalahatang-ideya

### Sistemang Pang-edukasyon ng Korea

Ang sistemang pang-edukasyon sa Korea ay binubuo ng kindergarten, mababang paaralan, gitnang paaralan, mataas na paaralan at unibersidad. Kinakailangan ang edukasyon sa mababang paaralan (6 na taon) at gitnang paaralan (3 taon). Nangangahulugang may karapatan ang mga taong mapag-aral ang kanilang mga anak nang libre sa loob ng nasabing panahon. Nguni't tumutukoy lamang ito sa pampublikong paaralan: dapat bayaran ng mga magulang ang mga matrikula para sa mga pribadong mababang paaralan at mga espesyalistang gitnang paaralan (mga gitnang paaralan para sa sining, mga gitnang paaralan para sa edukasyong pampalakasan at mga internasyonal na gitnang paaralan).

| Uri ng paaralan | | Edad | Paaralan | Panahon | Matrikula |
|---|---|---|---|---|---|
| Edukasyon sa maagang edad ng bata | | 3-5 | Paaralang may pangangalaga ng bata/ Kindergarten | 2-3 taon | May bayad/ walang bayad |
| Edukasyong elementarya | Kinakailangan | 6-11 | Mababang paaralan | 6 na taon | May bayad/ walang bayad |
| Edukasyong sekundarya | Kinakailangan | 12-14 | Gitnang paaralan | 3 taon | May bayad/ walang bayad |
| | - | 15-17 | Mataas na paaralan | 3 taon | May bayad |
| Mataas na edukasyon | | 18 pataas | Unibersidad (bokasyonal) | Unibersidad (4 na taon) Kolehiyong Bokasyonal (2 taon) | May bayad |
| | | | Graduate school | 2-5 taon | May bayad |

**Mga Paalala**

### Silid pang-Guro

Dito ginagawa ng mga guro ang kanilang gawain at paghahanda para sa klase.
Kung nais mong makausap ang guro ng iyong anak para alamin ang kalagayan ng iyong anak sa paaralan, mangyaring makipag-ugnayan sa silid pang-guro.

### Opisina ng tagapamahala

Dito nagtatrabaho ang mga administrador ng paaralan.
Para sa anumang katanungang tungkol sa pananghalian ng bata o pagbabangkong pampaaralan[1], mangyaring makipag-ugnayan sa nangangasiwa ng paaralan.

1) Sistemang awtomatikong naglilipat ng mga bayad sa paaralan kung saan nakakapaglipat nang awtomatiko ang mga magulang ng iba't-ibang bayad sa account ng paaralan

# 02. Sistemang–pamamalakad sa Paaralan: Kindergarten, Elementarya at Sekundaryo

## Kindergarten

### Uri ng Kindergarten

| Uri | Pagtatatag at pagpapalakad | Pahayag |
|---|---|---|
| Mga kindergarten na suportado ng pamahalaan | Gobyerno | |
| Pampublikong kindergarten | Lokal na pamahalaan | Kindergarten na nakakabit sa mababang paaralan<br>Hiwalay na kindergarten |
| Pribadong kindergarten | Pang-korporasyon o Pang-indibiduwal | |

### Mga Kategorya ng Klase ng Kindergarten

- Alinsunod sa  mga kondisyon at mga patakarang pang-edukasyon, sa mga kindergarten ay may klase ng mga batang 3, 4 at 5 taong gulang o di kaya'y klaseng pinagsama-sama ang mga batang may iba't-ibang edad.

### Pang-araw-araw na Talakdaan ng mga Kindergarten

- Hindi katulad ng mga mababa, gitna at mataas na paaralan, hindi nangangailangan ang mga kindergarten ng mga aklat-aralin.
- Ang pang-araw-araw na talakdaan ay kinabibilangan ng kahit isang oras man lamang na mga gawaing malayang napipili at pahingang panlabas, mga gawaing panggrupo (sining, mga laro, pagluluto, pag-awit, atbp.), at mga karanasan sa mismong lugar.

**[Pang-araw-araw na talakdaan (halimbawa)]**

| | | |
|---|---|---|
| Programang Pang-edukasyon | 09:00 ~ 09:10 | Pagtala ng mga pumasok at pagbati |
| | 09:10 ~ 10:10 | Mga plano sa paglalaro at mga gawaing malayang napipili |
| | 10:10 ~ 10:30 | Ayusin at tasahin ang mga gawaing malayang napipili |
| | 10:30 ~ 10:50 | Meryenda |
| | 10:50 ~ 11:10 | Mga pag-uusap |
| | 11:10 ~ 12:10 | Mga gawaing panlabas |
| | 12:10 ~ 13:10 | Tanghalian at pahinga |
| | 13:10 ~ 13:30 | Mga gawaing panggrupo |
| | 13:30 ~ 13:50 | Mga gawaing panggrupo |
| | 13:50 ~ 14:00 | Pang-araw-araw na pagtasa at uwian |
| Mga Programa Pagkatapos ng Klase | 14:00 ~ 17:00 | Mga gawain sa pangangalaga at pang-edukasyon |

## Semestro at pagpapatakbo ng klase sa kindergarten

- Ang mga kindergarten ay may dalawang semestro kada taon.
- Nagsisimula ang unang semestro sa ika-isa ng Marso (aktwal na nagsisimula ang semestro sa ika-2 ng Marso, dahil pambansang pista ang ika-isa ng Marso), at nagtatapos sa araw na pinagpasiyahan ng tagapangasiwa ng kindergarten pagkatapos isaalang-alang ang bilang ng mga araw ng klase at bakasyon maging ang pagpapatakbo ng kurikulum (isang araw sa kalagitnaan o katapusan ng Agosto, sa pangkaraniwan). Nagsisimula ang ikalawang semestro matapos ang petsa ng pagsasara ng unang semestro at nagpapatuloy hanggang sa huling araw ng Pebrero ng susunod na taon.
- Tumatagal ang mga programang pang-edukasyon sa mga kindergarten ng 4-5 oras kada araw, at ang mga programang pagkatapos ng klase ay binubuo ng mga gawaing pang-edukasyon at mga gawaing para sa pangangalaga ng bata na idinaraos pagkatapos ng programang pang-edukasyon para sa nasabing araw.

## Mga araw ng klase at pagpasok para sa kindergarten

- Dapat na may pasok sa kindergarten sa loob ng mahigit **180 araw bawat taon**, at ang eksaktong bilang ng araw ay maaaring tukuyin ng punong-guro ng kindergarten ayon sa kanyang mabuting pagpapasiya.

## Kursong Nuri ng mga Kindergarten

- Nilalayon ng mga kursong Nuri na makatulong sa kalusugang pangkaisipan at pisikal, pati na rin sa wastong pag-unlad ng mga batang edad 3 hanggang 5, habang binibigyan ang mga bata ng pundasyong makakatulong sa kanilang maging mabuting mga mamamayan.
- Pinapatakbo ang mga kursong Nuri base sa taunan, buwanan, lingguhan at pang-araw-araw na plano.
- Inaayos ang mga kurso base sa edad ng mga mag-aaral, na isinasaalang-alang ang mga katangiang pangkaunlaran ng mga batang 3 hanggang 5 taong gulang.
- Pinapatakbo ang mga kurso sa limang larangan (gawaing pampalakasan at pangkalusugan, komunikasyon, relasyong panlipunan, gawaing pangsining, at pagsasaliksik sa kalikasan).
- Higit sa lahat binubuo sila ng mga laro, at isinasaalang-alang ang mga katangian at karanasang pangkaunlaran ng bata.

# Mababang paaralan at paaralang sekundarya

## Sistemang semestro

- Mayroong dalawang semestro sa bawat taon sa mababa, gitna at mataas na paaralan.
- Nagsisimula ang unang semestro sa ika-isa ng Marso (dahil ang ika-isa ng Marso ay opisyal na pista, ang aktwal na semestro ay nagsisimula sa ika-dalawa ng Marso) at tumatagal hanggang matapos ang bakasyon sa tag-init. Ang ikalawang semestro ay nagsisimula sa araw matapos ang unang semestro at tumatagal hanggang sa katapusan ng Pebrero ng susunod na taon.

## Bilang ng araw ng pasok sa paaralan at pagdalo

- Sa buong linggo, karamihan sa mga paaralan ay mayroong limang araw na pasok (Lunes hanggang Biyernes). Para sa mga paaralang may limang araw na pasok kada linggo, ang kabuuang bilang ng araw ng pagpasok sa paaralan kada baitang ay **190 araw o higit pa**. Ito ay maaaring mag-iba depende sa paaralan.
- Makakausad lamang ang mga mag-aaral sa susunod na baitang kung papasok sila ng kahit man lamang 2/3 ng mga araw ng klase. Kung lilipat ang isang mag-aaral na multikultural sa kalagitnaan ng terminong pampaaralan, makakausad siya sa susunod na baitang sa pamamagitan ng pagpasok ng kahit man lamang 2/3 ng mga araw ng klase mula sa araw ng pagpapatala sa bagong paaralan.
- Hindi ibibilang laban sa mag-aaral ang pagliban niya kapag may balidong dahilan ang nasabing pagliban. Dapat isumite ng tagapag-alaga ang mga nauugnay na dokumentong ipinagkaloob ng paaralan sakaling lumiban ang mag-aaral dahil sa likas na sakuna (lindol, malakas na pag-ulan, malakas na pagbuhos ng niyebe, tsunami, atbp.), isang nakakahawang sakit na itinalaga ng bansa, pakikilahok sa mga opisyal na paligsahang aprubado ng punong-guro, pag-aaral sa mismong lugar, pag-aaral sa pamamagitan ng palitan at pakikihalubilo, iba't-ibang direktang karanasan (pag-aaral base sa karanasan sa labas ng paaralan, mga pagbisitang pampamilya, mga pampamilyang paglalakbay, atbp.), pagdalo sa mga pampamilyang pagdiriwang, o iba pang paglibang sa kadahilanang inaprubahan ng punong-guro.

## Bakasyon

- May tatlong bakasyon: bakasyon sa tag-init, bakasyon sa taglamig, at bakasyon sa tagsibol (bakasyon matapos ang semestro). Karaniwang nagsisimula ang bakasyon sa tag-init sa kalagitnaan o huling bahagi ng Hulyo at tumatagal ng halos isang buwan. Karaniwang nagsisimula ang bakasyon sa taglamig sa huling bahagi ng Disyembre at tumatagal ng halos isang buwan. Sa huli, ang bakasyon sa tagsibol (bakasyon matapos ang semestro) ay nagsisimula sa gitna ng Pebrero at tumatagal ng dalawang linggo, nguni't maaaring mabago ang panahon depende sa paaralan.

## Kurikulum sa mababang paaralan at paaralang sekundarya

- Ang kurikulum sa mababang paaralan ay nahahati sa gawaing aklat-aralin at mga gawaing nakatutok sa mga malikhaing karanasan. Sa ika-1~2 grado ay may asignatura sa wikang Koreano, Matematiko at pinagsamang kurikulum (Barun Saenghwal (etika), Seulgiroun Saenghwal (lipunang pantao at kalikasan) at Jeulgeoun Saenghwal (edukasyong pampalakasan at sining.) Para sa ika 3~6 na grado naman ay may pag-aaral ng wikang Koreano, araling panlipunan at etika, matematiko, agham/praktikal na kurso, palakasan, musika/sining, Ingles at iba pa.
- Ang kurikulum sa gitnang paaralan ay nahahati sa gawaing aklat-aralin at mga gawaing nakatutok sa mga malikhaing karanasan. Ang pampaaralang kurso ay nahahati sa walong asignatura, kabilang ang wikang Koreano at araling panlipunan (kabilang ang kasaysayan) etika, agham, teknolohiya at edukasyong pantahanan at pangkabuhayan, gawaing pang-isports, sining (musika/sining), Ingles at mga opsyonal na asignatura, na kinabibilangan ng wikang Intsik, impormasyon, kalikasan at luntiang paglago ng kapaligiran, pagdanas ng isang wikang banyaga, pangangalaga sa kalusugan at paghahanap ng trabaho at propesyon. Nagpapatakbo ang gitnang paaralan ng mga klase matapos isaalang-alang ang mga kagustuhan ng mga mag-aaral at mga magulang at kondisyon ng paaralan.
- Ang kurikulum ng mataas na paaralan, higit sa lahat, ay nahahati sa mga aklat-aralin at gawaing nakatutok sa mga karanasang malikhain. Ang mga aklat-aralin ay nahahati sa apat na larangan, kabilang ang mga pangunahing asignatura (wikang Koreano, matematika at Ingles), Tamgu o mas malalim na pagtingin sa Ingles (lipunan (kabilang ang kasaysayan at etika), agham), gawaing pang-isports at sining (gawaing pang-isports, musika/sining) at kulturang pamumuhay (teknolohiya at edukasyong pantahanan at pangkabuhayan, pangalawang wika, Intsik at kultura).

## 03. Sistemang Suportang Pang-Edukasyon

- Kung mayroon kang mga anak na 3~5 taong gulang na pumapasok sa mga sentro ng pangangalaga ng bata o kindergarten, sinusuportahan namin ang edukasyon ng iyong mga anak anuman ang antas ng iyong kita. Upang magsumite ng kahilingan, maaari mong bisitahin ang iyong tanggapang eup/myeon o **pampamayanang sentrong dong o pumunta sa aming website** (www.bokjiro.go.kr). Para sa isang pagbabago ng serbisyo mula sa isang kindergarten tungo sa sentro ng pangangalaga ng bata, marapat na bisitahin ang tanggapang eup/myeon o pampamayanang sentrong dong o mag-online (www.bokjiro.go.kr) upang ipagbigay-alam ang pagpapalit.

- Tungkulin ang pagbibigay ng libreng edukasyong pang-elementarya at panggitnang paaralan (walang bayad sa pagpapatala at matrikula). Gayunman, ayon sa tuntunin, ang gastos para sa pagkain sa paaralan, mga lakbay-aral at mga programa pagkatapos ng klase ay responsibilidad ng mga magulang, bagama't maaaring nakadepende ang mga ito sa patakaran ng bawat lungsod o lalawigan. Upang matulungan kang bayaran ang mga gastos nang mas madali, may sistemang awtomatikong paglilipat mula sa bank account[2)].

- May mga programang nagbibigay ng suporta para sa mga gastusin sa "pag-aaral sa mababa, gitna, at mataas na paaralan" at "mga bayaring pang-edukasyon" para sa mga batang mula sa mga pamilyang may mababang kita. Makakapag-aplay ang mga magulang sa pamamagitan ng pagbisita sa sentrong pampamayanan ng eup/myeon/dong na sumasakop sa kanilang tirahan (aplikasyon para sa gastusin at bayarang pang-edukasyon). Makakapag-aplay din para sa mga gastusing pang-edukasyon sa pamamagitan ng bahay-pahina ng education cost one-click application (oneclick.moe.go.kr) o bahay-pahina ng bokjiro (online.bokjiro.go.kr). Kung ang isang miyembro ng pamilya ay may banyagang nasyonalidad, hindi pinapayagan ang online application, kaya mangyaring bumisita sa naaangkop na sentrong pangresidente ng eup/myeon/dong upang makapag-aplay.

- Ang mga proyektong "college mentoring" at "global bridge" ay mga programang sumusuporta sa pagpapabuti ng mga pangunahing kakayahang pang-akademiko at mga plano sa pagpapatala/karera ng mga mag-aaral mula sa mga pamilyang multikultural. Karaniwang tinatanggap ang mga aplikasyon sa unang bahagi ng semestro. Mangyaring makipag-ugnayan sa guro ng homeroom o Tanggapan ng Edukasyon para sa mga detalye tungkol sa mga panahon ng pag-aaplay at mga programa. Ang "college mentoring" ay isang programa kung saan bumibisita sa paaralan ang mga tagapagturong nasa kolehiyo upang tumulong sa pagtuturo sa mga mag-aaral, habang ang proyektong "global bridge" ay naghahandog ng mga programa sa iba't ibang larangan kabilang ang matematika, agham, wika, sining, at edukasyong pampalakasan tuwing Sabado't Linggo at bakasyon.

2) Sistemang pagbabangkong pampaaralan: pinapagana ang awtomatikong paglilipat ng pera sa account ng paaralan para sa pagkain sa paaralan, mga lakbay-aral at iba pang mga gawaing pampaaralan

# Pamamaraan ng Pagpapatala at Pagpasok para sa mga Batang Isinilang sa Korea o Koreano ang Nasyonalidad

## 01. Pangkalahatang-ideya

| Edad | | Paaralan | | |
|---|---|---|---|---|
| 3-5 | | **Pagpasok sa kindergarten**<br>[Mga paghahanda ng magulang] Mag-aplay sa bahay-pahina ng "First School"[3] | | |
| | | Sa Nobyembre at Disyembre<br>(Nag-iiba depende sa kindergarten.) | | • Kumonekta sa "First School" (www.go-firstschool.go.kr)" at magpa-miyembro<br>• Tingnan ang polyeto para sa pag-aaplay bawat kindergarten<br>**※ Tingnan ang katumbas na polyeto para sa pag-aaplay sa kindergarten upang makumpirma kung nagbibigay ang kindergarten ng katig na pagpapatala sa mga anak ng mga pamilyang multikultural**<br>• Isumite ang aplikasyon at tanggapin ang resibo (print)<br>• Tingnan ang mga resulta ng sapalarang pagpili at magparehistro<br>• Dumalo sa orientation, pre-enrollment, atbp. |
| | | Enero-Pebrero ng susunod na taon | | • Tingnan ang karagdagang pagpapaparehistro at mga resulta<br>• Magparehistro sa kindergarten<br>• Dumalo sa orientation at pre-enrollment, atbp. |
| | | Unang bahagi ng Marso | | • Seremonya ng pagpasok sa kindergarten |
| **Sapilitang edukasyon (Ibinibigay nang libre)** | 6-11 | **Pagpasok sa mababang paaralan**<br>[Tungkulin ng magulang] Tanggapin ang sulat na nagpapabatid ng tungkol sa pagpasok sa paaralan at paghahanda para sa pagpasok | | |
| | | Disyembre | -Pebrero | Tanggapin ang sulat tungkol sa pagpasok sa paaralan mula sa tanggapang eup/myeon o sentrong dong ng pampamayanang serbisyo.<br>※ Ang sulat tungkol sa pagpasok sa paaralan ay hindi ipinapadala sa mga batang anak ng mga dayuhan kahit na isinilang sila sa Korea. Mangyaring tingnan ang pahina 12. |
| | | Enero | | Pulong tungkol sa buhay-paaralan para sa lahat ng mga magulang at mga papasok na mag-aaral |
| | | Marso | | Seremonya para sa unang pagpasok |
| | 12-14 | **Pagpasok sa gitnang paaralan**<br>[Tungkulin ng magulang] Wala (Naghahanda ang mababang paaralan ng mga nauugnay na dokumentong pampangasiwaan) | | |
| | | Gitna ng Enero | | Ang mga gitnang paaralan ay itinatalaga base sa sistemang sapalaran |
| | | Unang bahagi ng Pebrero | | Ipinapabatid sa mga mag-aaral ang itinalagang paaralan at pulong tungkol sa buhay-paaralan para sa lahat ng mga magulang at mga papasok na mag-aaral |
| | | Gitna ng Pebrero | | Pagkakataong mag-aplay muli para sa ibang paaralan; kumuha ng pagsusuri para sa paglalagay sa klase |
| | | Gitna hanggang huling bahagi ng Pebrero | | Pasabihan ang mga mag-aaral na nag-aplay para sa ibang paaralan |
| | | Unang bahagi ng Marso | | Seremonya para sa unang pagpasok |
| 15-17 | | **Pagpasok sa mataas na paaralan** | | |
| | | Mga karaniwang mataas na paaralan, Mga pampublikong mataas na paaralang may kasarinlan<br>(Panahon ng ikalawang pagpasok: Disyembre-Enero) | | • Mga rehiyong nakasunod sa pamantayan: sistemang sapalaran<br>• Mga rehiyong hindi nakasunod sa pamantayan: pagsusuri sa pagpili |
| | | Mga mataas na paaralang may espesyal na layunin, Mga bokasyonal na mataas na paaralan, Mga pribadong mataas na paaralang may kasarinlan<br>(Panahon ng unang pagpasok: Oktubre-Nobyembre) | | • Pumili ng isang paaralan<br>• Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang portal site para sa impormasyon hinggil sa pagpasok sa mataas na paaralan (www.hischool.go.kr) |
| 18 or higher | | **Pamantasan** | | |

3) Lahat ng mga pamamaraan (kabilang ang mga karagdagang pagpasok) sa pagpapatala sa mga kindergarten mula 2017 pati na rin ang nauugnay na impormasyon ay inihahandog ng sistemang pamamahala ng pagpapatalang pangkindergarten, ang "First School (www.go-firstschool.go.kr)."

# 02. Pamamaraan ng Pagpasok sa Kindergarten

## Mga target na bata

- Mga batang 3 taong gulang pataas, bago ang pagpasok[4)]

## Pamamaraan ng pagpasok

- **Simula 2017, maaaring tingnan ang lahat ng mga pamamaraan (kabilang ang karagdagang pangangalap) at impormasyon sa pagpapatala sa kindergarten sa pamamagitan ng sistemang pamamahala ng pagpapatalang pangkindergarten, ang "First School."** Mangyaring tandaan na pinapayagan ng ilang pribadong kindergarten ang mga pag-aaplay nang personal lamang[5)], kaya mangyaring tingnan sa kindergarten kung saan ka interesadong mag-aplay.
- Kahit maaari mong i-access ang website ng "First School" kahit kailan sa loob ng taon, lahat ng mga prosesong may kaugnayan sa pagpasok sa kindergarten, tulad ng impormasyong pangkindergarten at pagpaparehistro bilang miyembro, ay nagaganap sa Nobyembre kung kailan tumatanggap ng mga aplikasyon.

**Mga paalala**

### "First School" – ang sistemang pamamahala ng pagpapatalang pangkindergarten

Magagamit ng mga tagapag-alagang nais ipatala ang kanilang anak sa kindergarten ang sistemang suporta sa pagpapatalang ito upang **maghanap ng impormasyon at mag-aplay nang maginhawa sa online** kahit kailan at nasaan man sila, at binabawasan ang abala para sa mga magulang habang pinapagaan ang trabaho ng guro.

**※ Bahay-pahina ng "First School": www.go-firstschool.go.kr**

- Maaaring mag-log in (magparehistro bilang miyembro) ang mga tagapag-alaga sa sistemang "First School" gamit ang kanilang mobile phone (o i-Pin) o opisyal na sertipiko ng pagpapatunay at magpasok ng impormasyon ng kanilang anak. **Para sa mga hindi makagamit ng computers o walang mga opisyal na sertipiko ng pagpapatunay at hindi makagamit ng sistema, maisasagawa rin ang pag-aaplay nang personal sa kindergarten.**
- Para sa mga detalye tungkol sa mga sentro ng pangangalaga ng bata at mga kindergarten sa bawat lugar, pakitingan ang website ng Alimi (e-childschoolinfo.me.go.kr).
- Sagutan ang isang aplikasyon mula sa bahay-pahina at piliin ang gustong kindergarten na aaplayan ng bata, at saka i-print out ang sertipiko ng pag-aaplay. Mangyaring tandaan na maaaring kasama sa proseso ng pag-aaplay ang pre-application at normal na pag-aaplay. Inihahandog ang normal na pag-aaplay pagkatapos ng pre-application. **Pakitingnan ang mga pabatid tungkol sa pagpapatala sa kindergarten o makipag-ugnayan sa kindergarten upang tingnan kung kinakailangang magpre-apply ng iyong anak.**

4) Makakapagpatala sa kindergarten ang mga batang mahigit dalawang taong gulang at ipinanganak sa pagitan ng ika-2 ng Enero at ika-isa ng Marso depende sa mga kalagayang pampurok o pangkindergarten (Artikulo 29 ng Ordinansang Pagpapatupad ng Batas sa Edukasyong Pambata)

5) Ginagawa sa pangkalahatan ang aplikasyon para sa susunod na taon sa pagitan ng Nobyembre at Disyembre, kahit na maaaring maiba ito depende sa mga kalagayan ng purok o kindergarten. Kailangan mong magsumite ng mga aplikasyon nang personal sa loob ng nauna nang itinakdang panahon. Pakisuri sa pang-aplikasyong paskil o mga kindergarten ang mga kinakailangang dokumento.

- Matitingnan ng mga tagapag-alaga kung napili ang kanilang anak sa pinag-aplayang kindergarten at matitingnan ang standby list sa pamamagitan ng bahay-pahina ng “First School.” Makakatanggap sila ng text message (SMS) na nagsasabing ipapabatid sa kanila ang mga resulta sa pamamagitan ng numero ng mobile phone na ipinasok sa panahon ng pagpaparehistro bilang miyembro.
- Kahit napili ka sa maraming kindergarten, makakapagparehistro ka sa isa lamang. Kung hindi ka napili para sa kahit ano sa mga kindergarten o kung may tagapag-alagang binitawan ang pagpaparehistro sa kindergarten, posibleng makapagparehistro nang karagdagan sa isang kindergarteng hindi nakaabot sa kanyang kota.
- Kapag nakumpirma ang pagpaparehistro sa kindergarten, bibigyan ang mga tagapag-alaga ng kinakailangang impormasyon upang ipatala ang kanilang mga anak sa kindergarten sa pamamagitan ng orientations at mga paunang pulong para sa mga magulang. Nagsisimula sa unang bahagi ng Marso ang mga seremonya ng pagpasok para sa mga kindergarten.

### Mga paalala

#### Paano makakahanap ng magandang suriang pambatang edukasyon

Upang makapili ng tamang kindergarten para sa iyong anak, mangyaring isaalang-alang ang mga sumusunod na apat na kondisyon:

1. Lokasyon: Paaralang malapit sa bahay o sa pinagtatrabahuhan ng mga magulang
   - Ang mahabang byahe ay maaaring magdulot ng kapagurang emosyonal at pisikal sa mga bata.
2. Pilosopiyang pang-edukasyon: Dapat ipakita ng paaralan ang pilosopiyang pang-edukasyon ng mga magulang
   - Ang bawat kindergarten ay mayroong sariling pilosopiyang pang-edukasyon. Kaya kailangan mong pagtuunan ng pansin ang sentrong pang-edukasyon ng bawat paaralan.
3. Pasilidad: Paaralang nagbibigay ng mga ligtas at malinis na kondisyon
   - Ang paaralan ay ang lugar kung saan ginugugol ng mga bata ang higit sa kalahati ng kanilang araw, kung kaya kailangan mong alamin ang mga kondisyong pangkaligtasan at pangkalinisan at iba pang mga gawain ng bawat paaralan.
4. Guro: Gurong may mabuting kasanayan sa komunikasyon
   - Mahalagang may guro na maaaring maging positibong huwaran para sa mga bata sa yugto ng pag-unlad.

## Paghahanda sa pagpasok

- Dapat gawin ng mga magulang ang mga sumusunod upang paghandaan ang pagpasok ng kanilang mga anak sa kindergarten:
- Dapat tingnan ng mga tagapag-alaga kung kinakailangan ang suporta para sa gastusing pang-edukasyon, mga karagdagang dokumentong kaugnay ng pagpasok (aplikasyon para sa mga kursong pagkatapos ng klase para sa mga pamilyang dalawa ang kumikita, atbp., depende sa kindergarten), larawan, vaccination at health examination forms, at iba pang mga paghahandang kinakailangan ng kindergarten.

  ※ Mangyaring siguraduhin ang pagdalo sa parent orientation bago ang pagpasok upang makatanggap ng lahat ng kinakailangang impormasyon. Ang pagbisita sa kindergarten kasama ang iyong anak ay makakatulong din sa kanyang makibagay sa kindergarten nang mas madali.
- Dapat mong turuan ang iyong anak ng mga pangunahing alituntuning pangkaligtasan, pati na rin paano maging komportable kahit malayo sa mga magulang, makihalubilo sa mga kasamahan, mga pangunahing pag-uugali (potty training at kagandahang-asal sa hapag-kainan), at kung ano ang dapat pag-ingatan kapag gumagamit ng mga pampaaralang bus.

# 03. Pamamaraan ng Pagpasok sa Mababang Paaralan

## Edad ng Pagpasok

- Sa antas ng mababang paaralan nabibilang ang mga batang mag-aanim na taon sa kasalukuyang taon. Papasok ang mga batang ito sa buwan ng Marso ng susunod na taon.

## Pamamaraan ng pagpasok

- Kung nasa antas ng mababang paaralan ang iyong anak, magpapadala ang tanggapang eup • myeon o pampamayanang sentrong dong ng sulat tungkol sa pagpasok sa mababang paaralan sa iyong tahanan. Ang sulat ay karaniwang ipinapadala sa ika-20 ng Disyembre, at pinagpapasiyahan ang paaralan base sa lokasyon ng tirahan ng magulang o tagapag-alaga ayon sa mga distritong pampaaralang itinakda ng mga pandistritong tanggapan ng edukasyon.
- Makipag-ugnayan sa tanggapang eup/myeon o sentrong dong ng pampamayanang serbisyo para sa listahan ng mga batang pinayagang pumasok sa mababang paaralan upang masigurong nasa listahan ang iyong anak.
- Maaaring mag-iba ang mga talakdaan ng pagpasok para sa parehong pampubliko at pribadong paaralan. Dapat makipag-ugnayan sa paaralan kung saan mo gustong papasukin ang iyong anak upang makumpirma ang oras talahanayan
- Kung kailangan mong papasukin ang iyong anak sa isang mababang paaralang maliban sa itinalaga dahil sa hindi maiiwasang dahilan, kailangan mong humingi ng pahintulot mula sa punong-guro ng iyong gustong paaralan.
- Base sa kakayahang pang-akademiko at pangkaunlaran ng iyong anak, maaaring magpasiya kang papasukin siya sa mababang paaralan nang mas maaga o mas huli ng isang taon. **Dapat mag-aplay ang mga magulang nagnanais ng maagang pagpasok (kapag nag-aaplay para sa pagpasok sa taon kung kailan magiging limang taong gulang ang bata) o ipinagpalibang pagpasok (kapag nag-aaplay para sa pagpasok sa taon kung kailan magiging anim na taong gulang ang bata) sa kanilang tanggapang eup/myeon o sentro ng pampamayanang serbisyo ng dong sa pagitan ng Oktubre 1 at Disyembre 31.**

  Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tanggapang eup/myeon o pampamayanang sentrong dong para sa karagdagang mga impormasyon.

### Mga paalala

#### Pagpasok ng mga anak ng mga magulang na hindi Koreano

Maaaring hindi padalhan ang mga batang hindi Koreano, kahit na ipinanganak sa Korea, ng sulat na nagbibigay impormasyon tungkol sa pagpasok sa mababang paaralan. Sa kasong ito, dapat bumisita ang magulang ng bata sa paaralang pinakamalapit sa kanyang tirahan dala ang dokumentong nagpapatunay ng paninirahan sa Korea. Maaari ding pumasok sa paaralan ang mga anak ng mga hindi rehistradong dayuhan, nguni't kakailanganin ng magulang ang katibayan ng paninirahan; kailangan din sa pagpapatala ang mga dokumentong nagpapatunay ng tirahan at DOB ng iyong anak. Maaari ring tanggapin ang kasunduan papel sa pangungupahan ng bahay o nasusulat na sertipikasyon.

# 04. Pamamaraan ng Pagpasok sa Gitnang Paaralan

## Proseso ng pagpasok para sa mga karaniwang gitnang paaralan

- Para sa mga batang pumapasok na sa mababang paaralan, ihahanda ng paaralan ang mga nauugnay na dokumento at aasikasuhin nito ang pagpasok sa gitnang paaralan. Hindi kabilang ang mga magulang sa prosesong ito.

## Proseso ng pagpasok para sa mga espesyalistang gitnang paaralan

- Pumipili ang mga espesyalistang gitnang paaralan tulad ng mga gitnang paaralan para sa edukasyong pampalakasan, gitnang paaralan para sa sining at mga internasyonal na gitnang paaralan ng mga mag-aaral base sa sarili nilang saligan alinsunod sa layunin ng bawat paaralan.
- Maaaring mag-iba ang mga kinakailangan para sa pagpili ng mga mag-aaral, mga proseso, at mga paraan depende sa paaralan. Dapat mong puntahan ang website ng gusto mong paaralan para sa impormasyon tungkol sa pagpasok tulad ng application forms, iba pang mga dokumento, proseso at talakdaan, at mga anunsyo ng mga matagumpay na aplikante.

## Mga Pamamaraan ng Pagpasok sa Gitnang Paaralan

| Kategorya | Mga Karaniwang Gitnang Paaralan | Mga Espesyalistang Gitnang Paaralan |
|---|---|---|
| Mga Katangian | - Nahahati base sa kasarian sa mga gitnang paaralan<br>para sa mga batang babae, mga gitnang paaralan para sa mga batang lalaki at co-educational schools | - Pinipili ang mga magagaling na mag-aaral sa mga tiyak na larangan para sa masinsinang pagsasanay<br>- Gitnang paaralan para sa edukasyong pampalakasan, gitnang paaralan para sa sining at internasyonal na gitnang paaralan |
| Matrikula (bayad sa pagpasok, matrikula) | Libre | Babayaran (nag-iiba depende sa paaralan) |
| Saligan sa pagpasok | Itatalaga depende sa kategorya ng paaralan at panggitnang paaralang distrito | Hiwalay na saligan sa pagpasok<br>Piliin ang mga mag-aaral (base sa Artikulo 76 ng Batas sa Elementarya at Sekundaryang Edukasyon) |

# 05. Pamamaraan ng Pagpasok sa Mataas na Paaralan

## Panahon ng Pag-aplay

- Bukas ang mga mataas na paaralan para sa pagpapatala dalawang beses isang taon: ang isa ay sa unang bahagi ng taon, habang ang isa naman ay sa ikalawang bahagi ng taon. Ang mga karaniwang mataas na paaralan at mga mataas na paaralang may kasarinlan ay tumatanggap ng mga aplikasyon sa ikalawang bahagi ng taon, habang ang mga mataas na paaralang may espesyal na layunin at mga pribadong mataas na paaralang may kasarinlan ay tumatanggap ng mga aplikasyon sa unang bahagi ng taon.

## Mga Saligan sa Aplikasyon

| Kategorya | Detalyadong Kategorya | Layunin | Saligan sa Pagpasok |
|---|---|---|---|
| Karaniwang paaralan | Karaniwang paaralan | Edukasyong sekundarya base sa kakayahang pang-akademyang kinakailangan sa gitnang paaralan | · Lugar na nakasunod sa pamantayan: sapalarang pagpili<br>·Lugar na hindi nakasunod sa pamantayan: mga talaan sa paaralan at entrance exam |
| Espesyalistang mataas na paaralan | Internasyonal na paaralan | Lumikha ng mga nagtapos na komportableng gumamagit ng wikang banyaga sa trabaho | Pag-aaral sa sariling paghihimok |
| | Internasyonal na mataas na paaralan | Lumikha ng mga nagtapos na dalubhasa sa mga internasyonal na bagay-bagay | |
| | Mataas na paaralan para sa agham | Lumikha ng mga nagtapos na dalubhasa sa agham | Pag-aaral sa labis na sariling paghihimok |
| | Paaralan para sa sining | Lumikha ng mga nagtapos na dalubhasa sa sining | Mga talaan sa paaralan, panayam at pagsasanay |
| | Paaralan para sa edukasyong pampalakasan | Lumikha ng mga manlalaro | |
| | Mataas na paaralang Meister (dalubhasa) | Ipakilala ang isang ibinagay na kursong pang-edukasyon na naglalayong lumikha ng mga propesyonal | Mga talaan sa paaralan, panayam at pagsasanay, atbp. |
| Mataas na paaralang may espesyal na layunin | Mga katangian (propesyon) | Linangin ang mga talento ng mga mag-aaral na may mga katulad na talento, galing at kakayahan | Mga talaan sa paaralan, panayam at pagsasanay, atbp. |
| | Mga katangian (alternatibo) | Pagsiyasat sa kalikasan at mga gawaing nakatutok sa karanasang panglarangan | |
| | Pribadong mataas na paaralang may kasarinlan | Ipakilala ang iba't-ibang kursong pang-edukasyon para sa bawat paaralan, patakbuhin sila sa pamamagitan ng paggarantiya ng kasarinlan na karapatan ng isang pribadong paaralan | Programang para sa pag-aaral sa sariling paghihimok<br>(Pumipili ang ilang mga paaralan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng sapalarang pagpili na kabilang ang mga talaan sa paaralan) |
| | Pampublikong mataas na paaralang may kasarinlan | Paliitin ang pang-edukasyong puwang sa pamamagitan ng pagpapataas ng kalidad ng edukasyon ng mga pampublikong mataas na paaralan sa mga lugar na may mga hindi kagandahang kondisyong pang-edukasyon | · Lugar na nakasunod sa pamantayan: sapalarang pagpili at pagtatalaga<br>· Lugar na hindi nakasunod sa pamantayan: mga talaan sa paaralan at entrance exam |
| Iba pang mga paaralan | Paaralan para sa mga likas na matalinong bata | Ipakilala ang kursong pang-edukasyon sa antas ng kakayahan at galing sa pamamagitan ng paglinang ng matatalinong tao nang mas maaga | Rekomendasyon at komite sa pagpili |

※ Maaari mong tingnan ang impormasyon tungkol sa pagpasok sa pamamagitan ng portal site para sa pagpasok sa mataas na paaralan (www.hischool.go.kr)

# Pamamaraan ng Paglipat at Pagpasok para sa mga Mag-aaral na Naninirahan sa Korea matapos ang takdang panahon ng pananatili sa ibang bansa

## 01. Pangkalahatang-ideya

Ang sumusunod ay ang mga pamamaraan sa paglipat at pagpasok para sa mga mag-aaral na nanatili sa ibang bansa sa loob ng tiyak na panahon at saka pumunta sa Korea, anuman ang nasyonalidad:

**Magpasiyang lumipat ng paaralan**

**Makipag-ugnayan sa paaralan sa iyong distrito**

[Pagpapayo tungkol sa paglipat]

1. Paaralan sa iyong distrito: Makipag-ugnayan sa pangalawang punong-guro o tagapangasiwa sa pagtuturo
2. Pampurok na tanggapan ng edukasyon o pandistritong tanggapan ng edukasyon: Makipag-ugnayan sa opisyal na siyang bahala sa pagpasok sa paaralan o isang opisyal na namumuno sa edukasyong multikultural (Tingnan ang mga contact points ng mga tanggapan ng edukasyon sa Pahina 22)

**Mga dokumentong kinakailangan para sa paglipat[6)]**

- Isang kopya ng application form para sa paglipat at pagpasok (form na inihanda ng lungsod at lalawigan)
- Isang kopya ng sertipiko ng pandarayuhan at imigrasyon o pagpapatibay ng pagpapatala bilang dayuhan (sulat na nagpapatibay ng pandarayuhan at imigrasyon)
  ※ Kung mahirap isumite ang mga nasabing forms, maaaring gamitin na lamang ang mga dokumentong nagpapatunay ng iyong paninirahan tulad ng nasusulat na garantiya ng purok at kasunduan sa pangungupahan
- Mga dokumentong nagpapatunay ng karanasang pang-edukasyon[7)] (Sertipiko ng pagtatapos o mga dokumentong nagpapatunay ng pagpasok sa paaralan, mga kard na pang-ulat, atbp.)
- Iba pang mga dokumentong naaayon sa mga patnubay ng punong-lungsod at panlalawigang tanggapan ng edukasyon (Tingnan ang mga dokumento ng iyong pampurok na tanggapan ng edukasyon.)

| Kategorya | Mga Detalye |
| --- | --- |
| Kung pumasok ang isang mag-aaral sa isang sertipikadong banyagang paaralang nakalista sa website ng Kagawaran ng Edukasyon | Ang dokumentong inilabas ng punong-guro ng paaralang nakalista sa website ng Kagawaran ng Edukasyon ay maaaring maging isang mahalagang dokumentong hindi nangangailangan ng pagpapatunay ng Apostille o manananggol.<br>☞ Para sa listahan ng mga sertipikadong banyagang paaralan, pumunta sa website ng Kagawaran ng Edukasyon (www.moe.go.kr) at sa main menu: policy> mababa, gitna, at mataas na paaralan> educational course to check: Pangalan ng dokumento: "Gabay sa listahan ng mga sertipikadong paaralang banyaga"<br>※ Kung hindi nakalista ang paaralan, papatunayan ng mga magulang (tagapag-alaga) na ang paaralang kinauukulan ay isang rehistradong suriang pang-edukasyon. Kung hindi, dapat kumpirmahin ng Apostille o manananggol ang paaralan. |
| Mga kasaping bansa ng Apostille | Kung mga banyagang dokumento ang isinumite, hayaan ang Apostille na kumpirmahin, isalin, at patotohanan ang mga ito bago isumite sa wikang Koreano (Dahong Dagdag 4. Listahan ng mga bansa base sa kasunduang Apostille, tingnan ang Pahina 31). |
| Mga hindi kasaping bansa ng Apostille | Para sa mga bansang walang mga serbisyong Apostille, magpapirma sa Koreanong manananggol sa iyong bansang sinilangan bago magsumite |

- Upang pagtibayin ang impormasyon tungkol sa mag-aaral para sa mga layuning pang-edukasyon, maaaring hilingin sa iyong magsumite ng kopya ng pasaporte ng mag-aaral, sertipiko ng ugnayang pampamilya at kopya ng pagpapatala bilang residente (kung nagtamo ng nasyonalidad na Koreano ang mag-aaral).

[Alituntunin para sa pagkilala sa pagpapatalang banyaga o pagtatapos]

- Nakakumpleto ng 6 na taon o higit pa ng edukasyon = Pagtatapos sa mababang paaralan
- Nakakumpleto ng 9 na taon o higit pa ng edukasyon = Pagtatapos sa gitnang paaralan
- Nakakumpleto ng 12 taon o higit pa ng edukasyon = Pagtatapos sa mataas na paaralan

[Kung mahirap patunayan ang karanasang pang-edukasyon]

Kung mahirap patunayan ang karanasang pang-edukasyon ng sinumang mag-aaral, hihilingin sa mga pangmunisipyong tanggapan ng edukasyon na maglimi tungkol sa pagkilala ng titulong pang-akademiko. (Para sa mga detalye, tingnan ang pahina 17)

**Isumite ang mga dokumento para sa pagpapatala at paglipat at pagpasok**

**Pagpapatala at paglipat at pagpasok**

6) Maaaring iba-iba ang mga dokumentong kinakailangan para sa paglilipat at pagpasok ayon sa mga paaralan o mga pampurok na tanggapan ng edukasyon.

7) Ang mga dokumentong nagpapatunay ng karanasang pang-edukasyon ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga uri ng mga paaralang dinaluhan ng mag-aaral at mga panahon ng pag-aaral.

## Mga Paalala

### Sulat ng pagpapatibay ng Apostille

Kung inilabas ang Apostille para sa mga pampublikong dokumento (transcript, atbp.) mula sa mga kasaping bansa ng Apostille, maaaring magamit ang mga dokumento bilang mga opisyal na dokumento sa Korea.

### Paglabas ng Apostille

① Ihanda ang mga dokumentong nagpapatunay ng mga sertipikong pang–akademyang inilabas ng mga dinaluhang banyagang paaralan (kabilang ang pirma o tatak ng punong–guro ng paaralan, kalakip ang pagsasalin).
  * Kailangang isumite ang pagsasalin pagkatapos mapanotaryo upang makatanggap ng pagpapatibay ng Apostille.

② Tanggapin ang pagpapatibay ng Apostille sa pamamagitan ng banyagang kagawaran sa kinauukulang bansa o sa Apostille na tagapaglabas (kalakip ang Apostille).

③ Kung isusumite mo ito sa gusto mong suriang pang–edukasyon sa Korea, kikilalanin ito bilang pampublikong sertipiko.

- **Dahil ginagarantiyahan ng bansa ang iniuutos na edukasyon para sa mga bata at kabataan sa ilalim ng “Konstitusyon” at “Kombensyon ng mga Nagkakaisang Bansa tungkol sa mga Karapatan ng Bata,”** sinumang bata o kabataan ay pinapayagang makapasok sa mababang paaralan o gitnang paaralan, anuman ang kanyang istado ng paninirahan. Kung minsan, hindi pinapag-aral ng mga magulang na ilegal na nananatili sa Korea ang kanilang mga anak, dahil natatakot silang mahuli. Nguni’t upang matiyak ang karapatan ng mga bata sa edukasyon, hindi sinusubukan ng pamahalaang Korea na  hanapin ang mga ilegal na imigrante sa pamamagitan ng kanilang mga anak.

### ▣ Kombensyon ng mga Nagkakaisang Bansa tungkol sa mga Karapatan ng Bata

Artikulo 2.1 Obligado ang Bansa na respetuhin ang mga karapatan ng bata na nakasaad sa kombensyon at garantiyahan ang bisa ng kombensyon sa bawat bata anuman ang lahi, kasarian, relihiyon, politikal at iba pang mga opiniyon, etniko, panlahi o panlipunang karanasan, ari-arian, kahinaan, kapanganakan o iba pang panlipunang istado ng bata, kanyang magulang o isponsor at nang walang anumang uri ng diskriminasyon.
Artikulo 28. Kikilalanin ng Bansa ang karapatan ng bawat batang magkaroon ng edukasyon, at unti-unting gagawin ang mga sumusunod na pamamaraan upang hayaan silang makamit ang karapatang iyon base sa pagkakapantay-pantay ng pagkakataon:
a. Ang edukasyon sa mababang paaralan ay sapilitan at ibibigay nang libre sa lahat ng mga bata.

- Kung nais ng mga magulang na lumipat ang kanilang anak sa isang lokal na paaralan, kailangan nilang pumunta muna sa paaralan o sa nauugnay na pampurok o pandistritong tanggapan ng edukasyon para sa pagpapayo tungkol sa pag pasok(tingnan ang mga contact points ng mga punong-lungsod at panlalawigang tanggapan ng edukasyon sa Pahina 22). Sa paaralan, ang pangalawang punong-guro o ang tagapangasiwa sa pagtuturo ang bahala sa pagpasok. Sa pampurok o pandistritong tanggapan ng edukasyon, may opisyal na namumuno sa pagpapayo tungkol sa pagpasok at opisyal na namumuno sa edukasyong multikultural (multicultural family coordinator). Dahil maaaring wala sa kanyang mesa ang opisyal na namumuno o maaaring maghintay ka bago mo sila makapulong, mangyaring tawagan mo muna sila upang gumawa ng tipan para sa iyong pagbisita. Para sa pagpasok sa paaralan, kailangan mo ang mga dokumentong inilarawan sa taas. Kung dadalhin mo ang mga dokumento para sa pagpapayo, malamang na uusad ito nang maayos. Upang matugunan ang mga pangangailangang pang-edukasyon, maaaring hilingin sa iyong magsumite ng mga karagdagang dokumento.

**Pamamaraan ng Aplikasyon para sa Paglipat at Pagpasok**

| Mag-aaral | | Paaralan | | Mag-aaral |
|---|---|---|---|---|
| Pagbisita sa paaralan at aplikasyon para sa paglipat at pagpasok sa kalapit na distrito | 〉 | Pagkatapos suriin ang mga dokumento o magsagawa ng pagtasa ng mga asignaturang pampaaralan, sundin ang mga pamamaraan sa karaniwang paglipat at pagpasok<br>(Mababang paaralan – napalipat o nakapasok sa paaralang malapit sa tirahan)<br>(Gitnang paaralan – Pinapayagang punan ang mga pagkabakante ayon sa baitang)<br>(Mataas na paaralan – Aprubado ng punong-guro ng paaralan, maliban na lamang kung apektado ang kursong pang-edukasyon na kukunin) | 〉 | Ipatala ang paglipat at pagpasok |

## 02. Komite ng Pagsusuring Pang-akademya para sa mga Mag-aaral mula sa mga Pamilyang Multikultural

- Ang mga mag-aaral (edad 6 to 18) mula sa mga pamilyang multikultural na nais magpalipat sa gitnang paaralan nguni't **nahihirapang kumpirmahin ang kanilang karanasang pang-edukasyon ay maaaring humiling ng pagwari-wari hinggil sa pagkilala sa kanilang kasaysayang pang-akademya sa mga pampurok na tanggapan ng edukasyon.**
- Pinagpapasiyahan ang kasaysayang pang-akademya ng mga multikultural na mag-aaral sa pamamagitan ng malawakang pagsasaalang-alang ng pamantayang edad na pampaaralan sa Korea, lawak ng edukasyong natanggap sa ibang bansa, kasalukuyang kakayahan pati na rin ang mga nais ng mag-aaral/tagapag-alaga, at saka mga dokumentong isinumite sa komite.
- Kung itinuturing na kailangan upang patunayan ang kakayahan ng aplikanteng sundin ang kurikulum, maaaring magsagawa ang komite ng pagsusuring pang-akademya ng personal na panayam o nasusulat na pagsusulit.

**<Proseso ng Pagsusuring Pang-akademya para sa mga Batang mula sa mga Pamilyang Multikultural>**

| Mag-aaral (aplikante) | | Pampurok na Tanggapan ng Edukasyon | | Komite ng Pagsusuring Pang-akademya | | Pampurok na Tanggapan ng Edukasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Magsumite ng aplikasyon para sa pagtasa ng kakayahan sa pampurok na tanggapan ng edukasyon sa pamamagitan ng koreo o nang personal | 〉 | Isinumite ang mga dokumento at tinipon ang komite ng pagsusuring pang-akademya | 〉 | Tinasa ang mga dokumento (panayam o nasusulat na pagsusulit sa aplikante kung kinakailangan) | 〉 | Ipinabatid sa Aplikante ang resulta ng pagtatasa |

### Mga Dokumentong Isusumite sa Pampurok na Tanggapan ng Edukasyon

- Aplikasyon para sa pagtasa ng kakayahan x 1
- Kopya ng pasaporte o ibang opisyal na dokumento para sa pagpapatunay ng petsa ng kapanganakan x 1
- Katibayan ng paninirahan sa Korea o pagpaparehistro bilang dayuhan x 1
- Katibayan ng kasaysayang pang-akademya x 1 (maaaring ligtaan kung hindi makukuha)

※ Dapat isalin at isumite ang mga dokumentong nasa wikang maliban sa wikang Koreano. Sa mga gayong kaso, dapat ipanotaryo ang orihinal at ang pagsasalin nito.

[Application Form]

# Kahilingang Kilalanin ang Kasaysayang Pang-akademya

<table>
<tr><td rowspan="3">Aplikante</td><td>Pangalan</td><td></td><td>Resident registration number</td><td></td><td colspan="2" rowspan="3">Litrato</td></tr>
<tr><td>Tirahan</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Contact</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="2">Tagapag-alaga</td><td>Pangalan</td><td></td><td>Resident registration number</td><td></td><td>Kaugnayan sa aplikante</td><td></td></tr>
<tr><td>Tirahan</td><td colspan="2"></td><td>Contact</td><td colspan="2"></td></tr>
<tr><td>Mga Detalye ng Kahilingan</td><td colspan="6">( ) Pagkilala sa pagtatapos sa mababang paaralan<br>( ) Pagkilala sa pagtatapos sa gitnang paaralan<br>( ) Iba pa:<br>※ Punan ang patlang ng O para sa anumang nasa itaas na nauugnay. Kung hindi, ilarawan ang iyong kahilingan nang detalyado.</td></tr>
<tr><td>Puna (Opiniyon ng aplikante)</td><td colspan="6">※ Kung nakapagsumite na noon ng aplikasyon para sa paglipat at pagpasok sa iyong sariling pagsisikap, ilarawan ito nang maigi pati na rin ang antas ng iyong kasanayan sa wikang Koreano at suporta sa pagpapaliwanag (pagsasalin), atbp.</td></tr>
<tr><td colspan="7">Hinihiling ko ang pagkilala sa aking kasaysayang pang-akademya, na inilalarawan sa itaas.<br><br>Aplikante: (pirma)<br><br>※ Mga kalakip na dokumento<br>1. Isang kopya ng pasaporte o sertipikadong dokumentong nagpapatunay ng petsa/buwan/taon ng kapanganakan<br>2. Isang kopya ng pagpapatibay ng lokal na paninirahan o isang kopya ng pagpapatibay ng pagpaparehistro bilang dayuhan<br>3. Isang kopya ng dokumentong nagpapatunay ng karanasang pang-edukasyon (limitado sa taong kinauukulan)<br><br>Petsa Buwan 20<br><br>Para sa Tagapamahala ng ______-si</td></tr>
</table>

* Kung walang resident registration number ang mag-aaral, maaaring gamitin ang foreign registration number. Kung parehong wala, ibigay ang iyong petsa/buwan/taon ng kapanganakan.

* Maaaring mag-iba ang form na nasa itaas ayon sa pampurok na tanggapan ng edukasyon.

# Mga Suriang Pang-edukasyon para sa mga Mag-aaral mula sa mga Pamilyang Multikultural

## 01. Mga multikultural na kindergarten

- Nagbibigay ang multikultural na kindergarten ng ibinagay na programang suportang pang-edukasyon para sa mga bata mula sa mga pamilyang multikultural (pag-aaral ng wika) at mga programang multikultural na naglalayong pataasin ang kamalayan ng mga pamilyang multikultural sa lahat ng mga bata (mga batang Koreano at multikultural)
  - Pag-aaral ng wika: pagtasa sa wika bago at matapos ang programa, pinagsama-samang pag-aaral ng wika at indibiduwal na pag-aaral ng wika
  - Pagkaunawa at pag-aaral ng multikulturalismo: Para sa mga bata at mga guro, ito ay dinisenyo upang itaguyod ang emosyong multikultural at palitan ng pagkaunawa.
- Pinapatakbo ang mga multikultural na kindergarten sa 116 na paaralan sa buong bansa. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa kinauukulang pampurok na tanggapan ng edukasyon.

## 02. Mga Multikultural na Panimulang Paaralan

- Maaaring mahirapang maging bahagi ng Koreanong paaralan ang mga mag-aaral mula sa mga pamilyang multikultural na pumunta sa Korea pagkatapos manirahan sa ibang bansa, o mga banyagang mag-aaral dahil sa kakulangan ng kasanayan sa wikang Koreano. **Pinapatakbo ang mga programang pangmultikultural na panimulang paaralan upang matulungan ang mga nasabing mag-aaral na makibagay sa isang Koreanong paaralan.**
- Pinapatakbo ang mga programang pangmultikultural na panimulang paaralan sa 165 paaralan sa buong bansa (105 mababang paaralan, 48 gitnang paaralan, 4 na mataas na paaralan, 5 pinagsama-samang paaralan at 3 sentrong multikultural). Mangyaring makipag-ugnayan sa kinauukulang pampurok na tanggapan ng edukasyon).

## 03. Mga Paaralang Nakasentro sa Edukasyong Multikultural

- Itinalaga bilang mga paaralang nakasentro sa edukasyong multikultural ang mga paaralang may mataas na bilang ng mga multikultural na mag-aaral, at binibigyan ang kanilang mga mag-aaral ng edukasyong kultural para sa mas mataas na kamalayan ng kulturang Koreano at pagkakaiba-iba ng kultura.
  - Programa upang mapahusay ang kamalayang multikultural: Itaguyod ang pagkaunawa at komunikasyon sa pagitan ng mga kultura, magbigay ng edukasyong para sa pandaigdigang pamayanan, itaguyod ang pagkakaiba-iba ng kultura, at magbigay ng edukasyong tinututulan ang kiling at diskriminasyon.
  - Edukasyong ibinagay sa mga multikultural na mag-aaral: Maaaring magpatala o lumipat ang mga mag-aaral sa malapit na paaralang multikultural para sa mga klase sa wikang banyaga, pagpapayo, o pagtuturo.
- Maaaring mapaayos ang pagpapatala o paglipat sa isang paaralang mas malayo mula sa lugar ng tirahan ng isang mag-aaral kung hilingin ng magulang. (Kinakailangan ang pahintulot ng punong-guro.)
- Pinapatakbo ang mga programa para sa paaralang nakasentro sa edukasyong multikultural sa 313 paaralan sa buong bansa (265 mababang paaralan, 41 gitnang paaralan at 7 mataas na paaralan). Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa kinauukulang pampurok na tanggapan ng edukasyon. (istado ng paaralang nakasentro sa edukasyong multikultural 2016: Tingnan sa Pahina 32)

# 04. Mga Alternatibong Paaralan

## Mga Binigyang-kapangyarihang Alternatibong Paaralan para sa Edukasyon ng mga Multikultural na Mag-aaral

| Paaralan | Uri | Mga Tampok | Mga Bayad |
|---|---|---|---|
| Paaralang Pandaigdigan (www.globalsarang.com; Guro-gu, Seoul) | Mababang paaralan | - Edukasyon sa maraming wika upang matuto ng wikang Koreano at isang pangalawang wika tulad ng Ingles o Intsik<br>- Mga klaseng pagkatapos ng klase sa paaralan at edukasyong pangkakayahan<br>- 1 klase kada baitang<br>- Paunang paaralang walang mga grado | Libre |
| | Gitnang paaralan | - Alternatibong paaralang may kinikilalang mga kredito (inihabiling alternatibong paaralan kung saan tumatanggap ng edukasyon sa tiyak na panahon at bumabalik sa nilipatang paaralan pagkatapos) | |
| Mataas na Paaralan ng Seoul Dasom Tourism (www.sds.hs.kr, Jongno-gu, Seoul) | Mataas na paaralan (bokasyonal) | - Edukasyong bokasyonal para sa mga pinabuting pagkakataon sa trabaho at pag-aaral ng wikang Koreano para sa mas pinahusay na panlipunang pagsasama-sama<br>- Mga pamantayang asignatura at mga bokasyonal na asignaturang nilalayong makatanggap ang lahat ng mag-aaral ng mga sertipikasyon<br>- Nagtatalaga ng multikultural na tagapagturo ng wika<br>- Nag-aalok ng mga nilalamang pangturismo at nagpapatakbo ng kagawaran ng serbisyong pangturismo<br>- Pinipili ang mga mag-aaral base sa pagtasa ng mga dokumento at malalim na panayam | Libre (hindi kabilang ang mga gastusing pang-edukasyon at pagkain) |
| Mataas na Paaralan ng Korea Polytechnics Dasom (www.dasom.kopo.ac.kr; Jecheon, Chungcheongbuk-do) | Mataas na paaralan (bokasyonal) | - Alternatibong paaralang may kinikilalang mga kredito na nakatutok sa pagpapabuti ng mga kakayahang pangtrabaho sa pamamagitan ng edukasyong teknikal<br>- Nag-aalok ng mga klase sa wikang Koreano sa iba't ibang antas, paghahanda para sa pagsusulit para sa naturalisasyon, UNESCO world citizen education at mga klaseng pangtrabaho<br>- Nag-aalok ng 3 kagawaran tulad ng computer machinery, plant facilities, at smart electric engineering<br>- Pinipili sa pamamagitan ng mga aplikasyon at malalim na panayam<br>- Nakatira ang lahat ng mag-aaral sa mga dormitoryo<br>- Nakakuha ang 100% ng mga mag-aaral ng mga sertipikasyong kinikilala sa buong bansa sa loob ng nakaraang 3 taon at nagtamo ng mataas na porsiyento ng pagpasok at trabaho | Libre (kabilang ang dormitoryo at pagkain) |
| Paaralang Hannuri ng Incheon (www.hannuri.icesc.kr) | Pinagsama-sama ang mababa, gitna at mataas na paaralan | - Binigyang-kapangyarihang uri ng inihabiling alternatibong paaralan (Dahil ang paaralang ito ay isang uri ng inihabiling paaralan, dapat bumalik ang mga mag-aaral sa kanilang orihinal na paaralang nilipatan pagkatapos ng tiyak na panahon ng pag-aaral.)<br>· Isang pang-edukasyong tuntungang nakatutok sa pag-aaral ng wikang Koreano (elementarya: 1 klase)<br>- 50% pamantayang asignatura at 50% espesyal na asignatura<br>- Nagbibigay ng matutuluyan (Maaaring tumira sa dormitoryo ang mga mag-aaral sa ikalimang baitang ng mababang paaralan o mas matanda pa.) | · Mababa at gitnang paaralan: libre<br>· Mga mataas na paaralan: May bayad*<br>(Hiwalay na sinisingil ang mga gastusin sa pangangasera) |

※ Ang gastos sa edukasyon ay nasa parehong antas ng mga karaniwang pampublikong paaralan

※ Ang gastos para sa pagkain sa paaralan, pangangasera, mga uniporme at iba't-ibang mga programa ay nag-iiba ayon sa paaralan at lugar



# Mga Dahong Dagdag

# Dahong Dagdag 1

## <Mga Contact Points ng mga Pampurok na Tanggapan ng Edukasyon>

| Tanggapan ng Edukasyon | Lokasyon | Telepono |
|---|---|---|
| Tanggapan ng Edukasyon ng Seoul Metropolitan City | (Sinmun 2-77) 48 Songwol-gil 48, Jongno-gu, Seoul | Punong Tauhan: 02-3999-113 |
| | | Sentrong Multikultural: 02-399-9058, 9067 |
| | | Kinatawan: 02-1396 |
| Tanggapan ng Edukasyon ng Busan Metropolitan City | (455-1 Yangjeong 1-dong) 12 Hwaji-ro, Busanjin-gu, Busan | Punong Tauhan: 051-860-0274 |
| | | Kinatawan: 051-860-0114 |
| | (4F, Norimaru) 26, 209beon-gil, Jeonpo-daero, Busanjin-gu, Busan | Sentrong Multikultural: 051-819-7062~3 |
| Tanggapan ng Edukasyon ng Daegu Metropolitan City | 11, Suseong-ro 76-gil, Suseong-gu, Daegu | Punong Tauhan: 053-231-0515 |
| | | Sentrong Multikultural: 052-231-0515 |
| | | Kinatawan: 053-231-0000 |
| Tanggapan ng Edukasyon ng Incheon Metropolitan City | 9 Jeonggak-ro (Guwol-dong), Namdong-gu, Incheon | Punong Tauhan: 032-420-8266 |
| | | Sentrong Multikultural: 032-420-7697 |
| | | Kinatawan: 032-423-3303 |
| Tanggapan ng Edukasyon ng Gwangju Metropolitan City | 93 Hwaun-ro, Seo-gu, Gwangju | Punong Tauhan: 062-380-4373 |
| | | Sentrong Multikultural: 062-380-4373 |
| | | Kinatawan: 062-380-4500 |
| Tanggapan ng Edukasyon ng Daejeon Metropolitan City | 89 Dunsan-ro (Dunsan-dong), Seo-gu, Daejeon | Punong Tauhan: 042-480-7608<br>Kinatawan: 042-480-7979 |
| | 3F. Hyehwa Blg. 134 Daeheung-ro (Daeheung-dong), Jung-gu, Daejeon | Sentrong Multikultural ng Dongbu: 042-253-7589 |
| | Pai Chai University, 155-40 Baejae-ro(Doma-Dong), Seo-Gu, Daejeon | Sentrong Multikultural ng Seobu: 042-520-5996 |
| Tanggapan ng Edukasyon ng Ulsan Metropolitan City | (Yugok-dong) 375 Bukbu Beltway, Jung-gu, Ulsan | Punong Tauhan: 052-210-5412 |
| | | Kinatawan: 052-210-5400 |
| | 238-2, Eoeum-ri, Eonyang-eup, Ulju-gun, Ulsan | Sentrong Multikultural: 052-255-8180~3 |
| Tanggapan ng Edukasyon ng Sejong City | 2154 Hannuri-daero, Sejong Metropolitan Autonomous City | Punong Tauhan: 044-320-2416 |
| | | Kinatawan: 044-320-1000 |
| Panlalawigang Tanggapan ng Edukasyon ng Gyeonggi | Northern Branch : 700, Dongil-ro, Eujeongbu-si, Gyeonggi-do | Punong Tauhan: 031-820-0652 |
| | Siheung Regional Office of Education: 11-2, 446beong-gi, Mayu-ro, Siheung-si, Gyeonggi-do | Punong Tauhan: 031-411-4511 |
| | Ansan Regional Office of Education: 134, Jeokgeum-ro, Danwon-gu, Ansan-si, Gyeonggi-do | Punong Tauhan: 031-412-4518 |
| Panlalawigang Tanggapan ng Edukasyon ng Gangwon | 2854 Yeongseo-ro, Chuncheon-si, Gangwon-do | Punong Tauhan: 033-258-5521 |
| | | Kinatawan: 033-258-5114 |
| | (87-6, Yeong-dong) 6-1, 63beon-gil, Seobudaeseong-ro, Chuncheon-si, Gangwon-do | Sentrong Multikultural: 033-255-1980<br>(Chinese) 070-7708-2123 |
| Tanggapan ng Edukasyon ng Chungcheongbuk-do | (4-11 Sannam-dong) 1929 Cheongnam-ro, Seowon-gu, Cheongju-si, Chungcheongbuk-do | Punong Tauhan: 043-290-2109 |
| | | Kinatawan: 043-290-2000 |
| | 17, Gyoseo-ro, Sangdang-gu, Cheongju-si, Chungcheongbuk-do | Sentrong Multikultural: 043-255-2974 |

| Tanggapan ng Edukasyon | Lokasyon | Telepono |
|---|---|---|
| Tanggapan ng Edukasyon ng Chungcheongnam-do | 22 Seonhwa-ro, Hongbuk-myeon, Hongseong-gun, Chungcheongnam-do | Punong Tauhan: 041-640-7231,7233 |
| | | Kinatawan: 041-640-7234 |
| | | Sentrong Multikultural: 041-640-7233 |
| Tanggapan ng Edukasyon ng Jeollabuk-do | 111 Hongsan-ro, Wansan-gu, Jeonju-si, Jeollabuk-do | Punong Tauhan: 063-239-3347 |
| | | Kinatawan: 063-239-3114 |
| Tanggapan ng Edukasyon ng Jeollanam-do | (1457 Namak-ri) 10 Eojinnuri-gil, Samhyang-eup, Muan-gun, Jeollanam-do | Punong Tauhan: 061-260-0382 (Tagalog) 061-260-0379 |
| | | Kinatawan: 061-260-0114 |
| Tanggapan ng Edukasyon ng Gyeongsangbuk-do | 511 Docheong-daero, Pungcheon-myeon, Andong-si, Gyeongsangbuk-do | Punong Tauhan: 054-805-3306 |
| | | Sentrong Multikultural: 054-805-3306 |
| | | Kinatawan: 054-805-3000 |
| Tanggapan ng Edukasyon ng Gyeongsangnam-do | (6-1 Yongho-dong) 241 Jungang-daero, Uichang-gu, Changwon-si, Gyeongsangnam-do | Punong Tauhan: 055-268-1516 |
| | | Kinatawan: 055-268-1100 |
| | 264, Yongji-ro, Uichang-gu, Changwon-si, Gyeongsangnam-do | Sentrong Multikultural: 055-210-5160 |
| Panlalawigang Tanggapan ng Edukasyon ng Jeju Special Self-Governing Province | (311-46 Yeong-dong) 5 Munyeon-ro Jeju-si Jeju Special Self-Governing Province | Punong Tauhan: 064-710-0254 |
| | | Kinatawan: 064-710-0114 |
| | Sinheung-ro 2-gil, Jocheon-eup, Jeju-si, Jeju Special Self-Governing Province | Sentrong Multikultural: 064-784-9040 |

※ Ang telepono ng Punong tauhan ay direktang nakakonekta sa taong namumuno sa edukasyong multikultural; ang mga sentrong multikultural na pinapatakbo ng mga pampurok na tanggapan ng edukasyon sa ilang mga lungsod o lalawigan ay nagbibigay din ng impormasyon tungkol sa edukasyong multikultural.

※ Ang telepono ng Kinatawan ay para sa mga serbisyong pampublikong pagpapayong inaalok ng bawat tanggapan ng edukasyon.

※ Mayroong labimpitong pampurok na tanggapan ng edukasyon at isang daan at pitumpu't walong pandistritong tanggapan ng edukasyon sa buong bansa.

※ Upang malaman ang mas higit pa tungkol sa tanggapan ng edukasyon sa iyong lugar, kabilang ang tirahan at telepono, mangyaring makipag-ugnayan sa kinauukulang tanggapan ng edukasyon.

# Dahong Dagdag 2

## <Gabay sa Video ng Sistemang Edukasyong Koreano at Impormasyon sa Pagpasok para sa Mga Magulang>

- Ang video na ito ay para sa mga magulang ng mga pamilyang multikultural na may mga anak sa mababang paaralan o mas bata pa. Mayroong anim na bahagi ang video (kulang-kulang 25 minuto bawat isa), at nagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa sistema ng Koreanong paaralan at buhay-paaralan, mula sa pagpasok sa mababang paaralan at pagtatapos.
- Makukuha ang video sa bahay-pahina ng Pambansang Sentro ng Edukasyong Multikultural (www.nime.or.kr), bahay-pahina ng Prime College Hub University ng Pambansang Bukas na Pamantasan ng Korea (http://hub.knou.ac.kr), at bahay-pahina ng Danuri (www.liveinkorea.kr). Inirerekord ito sa wikang Koreano, at may subtitles sa limang wika (Vietnamese, Intsik, Hapon, Ingles, at Ruso).

| Bahagi | Pamagat | Pangunahing terminolohiya | Video |
|---|---|---|---|
| 1 | Tuklasin natin ang tungkol sa mga Koreanong paaralan | Daycare center, Kindergarten, Mababa/ gitna/ mataas na paaralan, suriang pangkolehiyong edukasyon, Sapilitang edukasyon |  |
| 2 | Paano ka dapat maghanda para sa pagpasok sa mababang paaralan? | Pabatid para sa pagpasok sa paaralan, Petsa ng naunang tawag, Klase para sa pangangalaga ng bata, Klase pagkatapos ng klase sa paaralan, Pampaaralang pahayagang palihan |  |
| 3 | Tuklasin natin ang isang karaniwang araw at taong pampaaralan para sa isang mag-aaral sa mababang paaralan | Mahahalagang kaganapan, Mga asignatura, Mga oras ng klase, Pagkain, Karanasan sa larangan, Pahinga sa tag-init, Araw na Panglarangan, Mga maiikling bakasyon |  |
| 4 | Paano mo dapat palakihin ang isang mag-aaral sa mababang paaralan? | Pagiging magulang, Mga kailangang gamit sa paaralan, Talaarawan para sa takdang-aralin, Ligtas na pagbibyahe, pagpigil ng aksidente |  |
| 5 | Paano mo dapat tulungan ang iyong mga anak sa takdang aralin at gawaing pampaaralan? | Pagtulong sa akademiko, Mga uri ng takdang-aralin, Pagbabaybay, Talaarawan, Pagbabasa, Pagtasa ng ipinakita |  |
| 6 | Ano ang gagawin ko kapag nakatapos na sa mababang paaralan ang aking mga anak? (karera ng mga bata at impormasyon sa pagpasok) | Pamamaraan pagkatapos makapagtapos sa mababang paaralan, Kakayahan, Pagpasok, Karera, Trabaho, Mga lisensya, Impormasyon sa pagkamit |  |

# Dahong Dagdag 3

## <Mga terminolohiyang may kaugnayan sa kindergarten (Hal.)>

| Terminolohiya | Paglalarawan |
|---|---|
| Batang kindergarten | Maliit na batang pumapasok sa kindergarten. Pumapasok sa kindergarten ang mga batang mula tatlong taong gulang hanggang sa edad na pangmababang paaralan (karaniwang 5) |
| Mga magulang | Tagapag-alaga ng batang kindergarten, tulad ng nanay o tatay |
| Pagdalo | Dumarating ang mga batang kindergarten sa kindergarten at nagsisimula ng mga gawaing pang-edukasyon |
| Uwian | Tinatapos ng mga batang kindergarten ang kanilang mga gawaing pang-edukasyon sa kindergarten at umuuwi |
| Gawaing Malayang Napipili | Oras ng paglalaro para sa mga batang kindergarten upang magplano/magsagawa/magtasa ng mga gawain sa iba't ibang larangang inihahandog sa loob ng klase (paglalaro ng mga bloke, pagganap ng papel, sining, musika, wika, mga bilang, agham, atbp.); kumakain ng hindi bababa sa isang oras kada araw ng klase |
| Gawaing Panlabas | Maaaring maglaro sa labas ang mga batang kindergarten (palaruan, kahon para sa buhangin, atbp.); kumakain ng hindi bababa sa isang oras kada araw ng klase |
| Tanghalian | Pinapakain ng kindergarten ang mga batang kindergarten ng tanghalian |
| Pampaaralang Pahayagang Palihan | Pahayagang palihang naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga gawaing pang-edukasyon, edukasyong pangmagulang, at edukasyong pambata ng kindergarten |
| Pangangalaga ng Bata sa Umaga, Gabi, at Buong Araw | Mga gawaing pang–edukasyong ibinibigay sa mga maliliit na anak ng mga pamilyang dalawa ang kumikita o mga sambahayang iisa ang magulang na nangangailangan ng serbisyong pangangalaga ng bata bago o pagkatapos ng mga regular na kursong pang-edukasyon; karaniwang binubuo ng pahinga at mga gawaing para sa pangangalaga ng bata |
| Guro Pagkatapos ng Klase | Gurong namumuno sa mga klase pagkatapos ng mga normal na klase sa paaralan |
| Kurso para sa Pangangalaga sa Bata | Gawaing pang-edukasyon para sa mga maliit na anak ng mga pamilyang dalawa ang kumikita o mga sambahayang iisa ang magulang, ibinibigay bago o pagkatapos ng mga regular na kursong pang-edukasyon; karaniwang binubuo ng mga gawaing para sa pangangalaga ng bata |
| Punong-guro | Taong namumuno sa pangkalahatang pagpapatakbo at pangangasiwa ng kindergarten |
| Pangalawang punong-guro | Gitnang tagapamahalang tumutulong sa punong-guro at nagbibigay ng suporta para sa pagpapatakbo ng kindergarten |
| Pagtasang Pangkaunlaran ng Kakayahan ng Guro (Pagsisiyasat ng Kasiyahan ng Magulang) | Pagtatasang online ng kasiyahan ng magulang sa guro, pangalawang punong-guro, at punong-guro sa kindergarten |
| Komite sa Pagpapatakbo | Organisasyong binubuo ng mga kinatawang guro at mga kinatawang magulang, inatasang magsuri at magpayo tungkol sa mahahalagang gawaing pang-edukasyon |
| Matrikula sa Kindergarten | Matrikulang binabayaran sa kindergarten para sa mga gawaing pang-edukasyon |
| Tanggapan ng Administrasyon | Tanggapang may kaugnayan sa pananalapi ng kindergarten, tulad ng matrikula at mga bayad sa gawain |
| Pagbabangkong Pampaaralan | Sistemang awtomatikong wire transfer para sa mga gastusin sa edukasyon (mga gastusin sa lakbay-aral, atbp.); nagbabayad ang mga magulang sa pamamagitan ng electronic transfer sa bank account ng kindergarten |

| Pangalan ng Kaganapan | Paglalarawan |
|---|---|
| Pagpasok | Proseso ng pag-aaplay, pagpili, pagpaparehistro, atbp. para matanggap sa kindergarten ang bata |
| Orientation | Araw para sa pagkakaloob ng impormasyon sa mga magulang ng mga bagong tanggap na mag-aaral tungkol sa proseso ng edukasyon, mga kaganapan, atbp. ng kindergarten |
| Seremonya ng Pagpasok | Seremonya para salubungin ang mga bagong batang kindergarten sa unang araw ng kindergarten |
| Pag-aaral sa Pamamagitan ng Karanasan sa Larangan | Pagkatuto sa pamamagitan ng pagmamasid at karanasan sa pamamagitan ng pagbisita sa isang lugar gamit ang mga materyales na kinakailangan sa pag-aaral |
| Araw na Panglarangan | Araw para magtipon-tipon ang mga magulang at mga batang kindergarten at makilahok sa iba't ibang larong pampalakasan |
| Komperensya ng Magulang at Guro | 1:1 pulong sa pagitan ng mga magulang at mga guro upang pag-usapan ang tungkol sa buhay sa kindergarten, o talakayin ang mga isyung kailangang lutasin |
| Bukas na Klase para sa Mga Magulang | Araw ng bukas na klase para makapag-obserba ang mga magulang sa mga klase sa kindergarten |
| Bakasyon | Pahinga sa mga klase sa kindergarten sa katapusan ng semestro o taong pampaaralan. Mayroong bakasyon sa tag-init at bakasyon sa taglamig (bakasyon sa tag-init, bakasyon sa taglamig, bakasyon sa tagsibol, atbp.) |
| Seremonya ng Pagbabalik-Paaralan | Seremonya upang markahan ang pagtatapos ng bakasyon at pagsisimula ng mga regular na klase sa kindergarten |
| Anibersaryo ng Kindergarten | Pista ng kindergarten isang beses isang taon upang gunitain ang anibersaryo ng pagbubukas ng kindergarten |
| Bakasyong Base sa Mabuting Pagpapasiya | Araw o panahon ng pahinga, itinalaga base sa mabuting pagpapasiya ng kindergarten |
| Seremonya ng Pagtatapos | Seremonya ng paghahandog ng mga sertipiko ng pagtatapos pagkatapos makumpleto ang kursong pang-edukasyon ayon sa mga tuntunin; ibinibigay sa mga batang 5 taong gulang |
| Seremonya ng Pagkumpleto | Seremonyang idinaraos kapag nakumpleto ang taong pampaaralan sa kindergarten; ibinibigay sa mga batang 3 at 4 na taong gulang |

※ Maaaring mag-iba ang mga terminolohiya depende sa rehiyon at kindergarten

## <Mga terminolohiyang may kaugnayan sa buhay sa mababang paaralan (Hal.)>

| Terminolohiya | Paglalarawan |
|---|---|
| Linggo | Panahon mula Lunes hanggang Linggo |
| Semestro | Panahon ng taong pampaaralang inuri bilang mahalaga para sa gawaing pampaaralan. Karaniwang nahahati sa dalawang semestro, mula Marso hanggang Agosto at mula Setyembre hanggang Pebrero |
| Paglilipat | Paglipat mula sa isang paaralan tungo sa isa pa |
| Mga Talaan ng Mag-aaral | Mga dokumentong itinatala ang buhay-paaralan ng mga mag-aaral sa mababa, gitna, at mataas na paaralan, pati na rin ang istado ng kanilang pisikal, pangkaisipan, at panlipunang pag-unlad |
| Kard na Pang-ulat ng Mag-aaral | Mga dokumentong itinatala ang pangkalahatang ipinakita ng mga mag-aaral at paaralan (pagdalo, mga pang-akademikong tagumpay, atbp.), na ipinamamahagi sa katapusan ng semestro |
| Inaprubahang Pagliban | Pag-apruba ng pagliban dahil sa kasal o pagkamatay sa pamilya, isang karamdaman o isang nakakahawang sakit, o para sa karanasan sa pag-aaral sa larangan kasama ang pamilya |
| Mga Pabatid | Mga mensaheng ipinapauwi ng guro ng homeroom o ng paaralan |
| Pampaaralang Pahayagang Palihan | Pahayagang palihang ipinapauwi ng paaralan sa mga magulang upang magbigay ng impormasyon tungkol sa mga kaganapang may kaugnayan sa mga gawaing pang-edukasyon |
| Lingguhang Pahayagang Palihan | Pahayagang palihang mula sa guro ng homeroom, naglalaman ng talaorasan, mga paghahanda, mga kaganapan sa klase o impormasyon tungkol sa mga gawain para sa isang linggo |
| Pagtasa ng Ipinakita | Paraan ng pagtasa ng mga resultang nakamit ng mga mag-aaral o ipinakita ng mag-aaral gamit ang iba't ibang paraan (sanaysay, talakayan/debate, mga eksperimento/ gawaing laboratoryo, pagmamasid, pagtasa sa sarili, pagtasang bagtasan, atbp.) upang matingnan ang kaalaman, mga ginagawa, at ugali ng mag-aaral |
| Consent Form para sa Tagagamit ng Personal na Impormasyon | Mga dokumento upang makakuha ng aproba mula sa mga magulang para sa paggamit ng personal na impormasyon ng mag-aaral kaugnay ng mga gawaing pampaaralan |
| Klase Pagkatapos ng Klase sa Paaralan | Iba't ibang mga programang pang-edukasyong pinapatakbo pagkatapos ng regular na oras ng paaralan |
| Pagsusuring Pangkalusugan | Pagsusuring pangkalusugang ibinibigay sa mga mag-aaral na nasa una at ika-apat na baitang sa mga pagamutang itinalaga ng paaralan upang tingnan kung may sakit at pigilan ito |
| Pagsusuri ng Ngipin | Pagsusuri ng ngipin para sa mga mag-aaral na nasa ikalawa, ikatlo, ikalima, at ika-anim na baitang sa isang dental clinic na itinalaga ng paaralan |
| Pagsusuri ng Pisikal na Pag-unlad | Pagtingin sa pisikal na pag-unlad at kalusugan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsukat ng tangkad at timbang |
| Kard na Pangsilid-aklatan | Kard na ginagamit upang humiram ng mga aklat mula sa silid-aklatan ng paaralan |
| Komite sa Pagpapatakbo ng Paaralan | Organisasyong nagbibigay ng mga pagsusuri at payo sa mga isyung may kaugnayan sa pagpapatakbo ng paaralan at mga gawaing pang-edukasyon. Binubuo ito ng mga kinatawang guro ng paaralan, mga kinatawang magulang, at mga personalidad sa pamayanan |
| Pulis Pampaaralan | Opisyal ng pulis na namumuno sa paaralan at naghahandog ng edukasyon sa pagsawata ng karahasan sa paaralan para sa mga mag-aaral at mga magulang, at namumuno sa pagpigil at pagpapahinto ng karahasan sa paaralan |

| Pangalan ng Kaganapan | Paglalarawan |
|---|---|
| Seremonya ng Pagpasok | Seremonyang idinaraos para sa mga mag-aaral na nasa unang baitang kapag nagsisimula sila ng pag-aaral |
| Paghahalal ng mga Opisyal ng Klase | Inihahalal ang mga kinatawan ng klase (pangulo ng klase, pangalawang pangulo) sa pamamagitan ng malayang botohan sa bawat klase |
| Paghahalal ng Lupon ng mga Mag-aaral | Inihahalal ang mga kinatawan ng paaralan (pangulo ng paaralan, pangalawang pangulo) sa pamamagitan ng malayang botohan sa buong paaralan (mga mag-aaral) |
| Mga Lakbay-aral | Mga gawain sa pag-aaral kung saan nakakakuha ang mga bata ng kaalaman at impormasyon sa labas ng silid-aralan, sa pamamagitan ng mga gawaing base sa karanasan |
| Araw na Panglarangan | Nagtitipon-tipon ang mga mag-aaral upang lumahok sa iba't ibang larong pampalakasan |
| Mga Pampaaralang Paglalakbay | Magdamagang paglalakbay kasama ang mga guro para sa pag-aaral na base sa karanasan, sa pamamagitan ng pagmamasid at pagramdam sa kalikasan at kultura |
| Kamping at Gawaing Pagsasanay | Mga gawaing panlabas sa mga likas na lugar tulad ng gilid ng mga bundok o tabing-dagat upang mapahusay ang pagkatao at ang pisikal at pangkaisipang kalusugan ng mga mag-aaral |
| Anibersaryo ng Paaralan | Pista ng paaralan na idinaraos isang beses isang taon upang gunitain ang anibersaryo ng pagbubukas ng paaralan |
| Bakasyon Base sa Mabuting Pagpapasiya | Araw o panahon ng pahinga, itinalaga base sa mabuting pagpapasiya ng paaralan |
| Pangkalahatang Pulong ng mga Magulang | Pagtitipon-tipon ng mga magulang upang makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga gawaing pang-edukasyon ng paaralan at talakayin ang mga bagay-bagay na may kaugnayan sa pagpapatakbo ng paaralan (pagpapakilala ng kurikulum) |
| Komperensya ng Magulang at Guro | 1:1 pulong sa pagitan ng mga magulang at mga guro upang talakayin ang mga isyung kailangang lutasin |
| Bukas na Klase para sa mga Magulang | Araw ng bukas na klase para makapag-obserba ang mga magulang sa mga klase |
| Bakasyon | Pahinga sa mga klase sa katapusan ng semestro o taong pampaaralan. Kabilang ang bakasyon sa tag-init at bakasyon sa taglamig (bakasyon sa tag-init, bakasyon sa taglamig, bakasyon sa tagsibol, atbp.) |
| Seremonya ng Pagbabalik-Paaralan | Seremonya upang markahan ang pagtatapos ng bakasyon at pagsisimula ng mga regular na klase sa paaralan |
| Pampaaralang Pista ng Sining | Kaganapang pang-edukasyon kung saan idinaraos ang mga eksibit, mga pagtatanghal, at mga paligsahan sa paaralan |
| Seremonya ng Pagkumpleto | Seremonyang idinaraos upang markahan ang pagkumpleto ng taong pampaaralan |
| Seremonya ng Pagtatapos | Seremonya ng paghahandog ng mga sertipiko ng pagtatapos pagkatapos makumpleto ang anim na taong kurso ng mababang paaralan |

※ Maaaring mag-iba ang mga terminolohiya depende sa rehiyon at mababang paaralan

## <Mga terminolohiyang may kaugnayan sa buhay sa gitnang paaralan at mataas na paaralan (Hal.)>

| Terminolohiya | Paglalarawan |
|---|---|
| Asignatura | Asignaturang itinuturo sa paaralan |
| Aklat-aralin | Aklat-aralin upang pag-aralan ang bawat asignatura |
| Gawaing kaugnay ng Malikhaing Karanasan | Ekstrakurikular na mga gawain; binubuo ng apat na sektor tulad ng mga nagsasariling gawain, mga gawaing samahan, mga gawaing pagboboluntaryo, at mga gawaing pangkarera |
| Mga Siping Pampaaralan | Mga dokumentong naglalaman ng mga grado ng mga mag-aaral at mga detalye ng kanilang pangkalahatang buhay-paaralan |
| Mga Talaang Pampaaralan | Mga pangkalahatang talaan sa paaralan (mga puntos sa pagsusulit, pagtasa ng ipinakita, mga pagsusulit sa papel, atbp.) |
| Pagtasa ng Ipinakita | Karaniwang tinatasa para sa bawat klase; maaaring mag-iba ang paraan ng pagtasa depende sa asignatura. Tinatasa base hindi lamang sa mga resulta kundi pati na rin sa proseso. |
| Praktikal na Pagsusulit | Tumutukoy sa mga pagsusulit na kinabibilangan ng isang gawain, tulad ng pagpipinta, pagguhit, pagtugtog ng mga instrumento, pagtalon nang malayo, pagtakbo, atbp. para sa mga asignaturang sining at edukasyong pampalakasan tulad ng sining, musika at edukasyong pampalakasan. |
| Pagsusulit sa Pakikinig sa Ingles | Pagsusulit sa pakikinig sa Ingles na pinangangasiwaan ng 17 pangmunisipyo at panlalawigang tanggapan ng edukasyon sa buong bansa. Ipinagkakaloob ang mga pagsusulit dalawang beses sa isang taon at sinasalamin ng mga pagtasa ng ipinakita sa Ingles ang mga resulta. |
| Pagsusulit sa Gitna ng Termino | Mga pampaaralang pagsusulit sa gitna ng semestro |
| Huling Pagsusulit | Mga pampaaralang pagsusulit na idinaraos sa katapusan ng semestro |
| Huwad na Pagsusulit | Mga pagsusulit na kinukuha bilang paghahanda sa mga pagsusulit para makapasok sa kolehiyo; hindi isinasama sa mga talaang pampaaralan |
| Espesyal na Pagpasok | Tinasang pagsusulit para makapasok sa kolehiyo kasama ng mga grado sa mga pagsusulit ng kakayahang eskolastiko sa kolehiyo |
| Mga Regular na Pagpasok | Tinasang pagsusulit para makapasok sa kolehiyo kasama ng GPA sa mataas na paaralan at mga pangkalahatang talaan sa mataas na paaralan |
| Mga Gawaing Samahan (club activities o CA) | Mga gawain para sa mga mag-aaral na may parehong mga pinaglilibangan o interes sa loob ng mga panahong itinalaga ng paaralan |
| Nagsasariling Samahan | Mga samahan para sa mga mag-aaral na may parehong mga pinaglilibangan o interes, idinaraos sa loob ng mga panahong maliban doon sa mga itinalaga ng paaralan |

| Terminolohiya | Paglalarawan |
|---|---|
| Lumilipat na Klase | Mga klaseng kinukuha kung saan nagpupunta ang mga mag-aaral sa isang silid-aralang maliban sa kanilang homeroom (hal., sining, Ingles, matematika, atbp.) |
| Pulong sa Klase | Mga pulong na idinaraos para sa mga miyembro ng klase sa loob ng panahong itinalaga ng paaralan |
| Lupon ng mga Mag-aaral | Organisasyon o grupo kung saan nagtitipon-tipon ang mga kinatawang mag-aaral para magbahagi ng mga opiniyon tungkol sa buhay paaralan upang mapagpasiyahan at maisagawa ang mga kinauukulang bagay-bagay |
| Pangkalahatang Pulong ng Mga Magulang | Pulong ng mga tagapag-alaga ng mga mag-aaral upang talakayin ang mga bagay-bagay na may kaugnayan sa pagpapatakbo ng paaralan |
| Klase Pagkatapos ng Klase sa Paaralan | Mga klaseng idinaraos pagkatapos ng mga opisyal na klase ng paaralan para sa mga mag-aaral na nais kumuha ng mga karagdagang klase |
| Pag-aaral na Sinimulan nang Kusa | Pag-aaral nang mag-isa |
| Gawaing Pagboboluntaryo | Mga indibiduwal na mag-aaral o mga grupong pampaaralang nagboboluntaryo para sa kapakinabangan ng lipunan o publiko |
| Mga Lakbay-aral | Pag-aaral na base sa karanasan sa ilalim ng pangangasiwa ng isang guro na may layuning palawakin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga aktwal na karanasan; katulad ng mga paglalakbay na ginagawa ng mga miyembro ng paaralan. |
| Bakasyong Base sa Mabuting Pagpapasiya | Bakasyong hindi pampublikong bakasyon, nguni't itinalaga base sa mabuting pagpapasiya ng punong-guro |
| Programang Libreng Semestro | Sistema kung saan makakakuha ang mga mag-aaral sa gitnang paaralan ng mga klase sa debate o laboratoryo o mga gawaing karanasang pangtrabaho imbes na mga pagsusulit sa kalagitnaan ng termino at huling pagsusulit |
| Karahasan sa Paaralan | Karahasan sa loob o labas ng paaralang nagdudulot ng kapinsalaang pangkaisipan o pisikal; maaaring kasama dito ang karahasang pisikal, pinsala sa katawan, pagkulong, mga banta, pagkuha, pag-akit, insulto, pananakot, karahasang sekswal, cyber bullying at panghihiya gamit ang telecommunications networks, atbp. |
| Lingguhang Tungkulin (Katulong sa Klase) | Taong nagboboluntaryo para sa klase sa araw na itinalaga ng mga miyembro ng klase |
| Mga Kamisetang Pangklase | Mga damit na binibili ng mga miyembro ng klase para sa layuning pag-iisa ng klase sa panahon ng mga paligsahang pampalakasan (hindi kabilang ang mga unipormeng pang–edukasyong pampalakasan) |

※ Maaaring mag-iba ang mga terminolohiya depende sa rehiyon at gitna/mataas na paaralan

# Dahong Dagdag 4

## <Mga Kasaping Bansa ng Apostille>

(Hanggang sa Mayo 2016)

| Lupalop | Mga Kasaping Bansa |
|---|---|
| Asya, Oceania (17) | New Zealand, Niue, Marshall Islands, Mauritius, Mongolia, Vanuatu, Brunei, Samoa, Australia, India, Japan, China (Macau·Hong Kong), Cook Islands, Tonga, Fiji, South Korea, Tajikistan |
| Europa (52) | Greece, Netherlands, Norway, Denmark, Germany, Latvia, Russia, Romania, Luxemburg, Lithuania, Liechtenstein, Macedonia, Monaco, Montenegro, Moldova, Malta, Belgium, Belarus, Bosnia–Herzegovina, Bulgaria, San Marino, Serbia, Sweden, Switzerland, Spain, Slovakia, Slovenia, Armenia, Iceland, Ireland, Azerbaijan, Andorra, Albania, Estonia, England, Austria, Uzbekistan, Ukraine, Italy, Georgia, Czech, Kazakhstan, Kosovo, Croatia, Kyrgyzstan, Cyprus, Turkey, Portugal, Poland, France, Finland, Hungary |
| Hilagang Amerika (1) | Istados Unidos (kabilang ang Maurizio Islands, Saipan, Puerto Rico) |
| Gitna at Timog Amerika (27) | Granada, Nicaragua, Dominican Republic, Commonwealth of Dominica, Mexico, Barbados, Bahamas, Venezuela, Belize, Brazil, Saint Lucia, Saint Vincent, Saint Kitts and Nevis, Republic of Suriname, Argentina, Antigua and Barbuda, Ecuador, El Salvador, Honduras, Uruguay, Chile, Costa Rica, Columbia, Trinidad and Tobago, Panama, Peru, Paraguay |
| Africa (11) | Namibia, South Africa, Liberia, Lesotho, Malawi, Botswana, Sao Tome and Principe, Seychelles, Swaziland, Cape Verde, Burundi |
| Gitnang Silangan (4) | Morocco, Bahrain, Oman, Israel |
| Kabuuan | 112 Bansa |



Impormasyong Gabay sa Proseso sa Pagpasok sa
Paaralan ng mga Anak ng mga Magulang na Multikultural

# Pagpapatala ng Iyong Anak sa Paaralan

Filipino

교육부 Ministry of Education    국가평생교육진흥원 National Institute for Lifelong Education    중앙다문화교육센터 National Center for Multi-cultural Education

9F, National Institute for Lifelong Education, 14, Cheonggyecheon-ro, Jung-gu, Seoul (Zip code: 04520)
**TEL** 02) 3780-9785    **Homepage** www.nime.or.kr/